KADAMAY
KALIPUNAN NG DAMAYANG MAHIHIRAP
CAVITE CHAPTER

PRESS.STATEMENT.PRESS.STATEMENT.PRESS.

IKA -9 NG ABRIL 2007

NANAY UDE SADYANG SANGKOT SA MGA USAPIN SA LUPA

SIMULA NANG ARAW NA DUKUTIN SI NANAY UDE HANGGANG SA KASALUKUYAN, WALANG PAGOD na hinahanap ng mga kaanak, kaibigan at kasama sa organisasyon si Nanay Ude sa mga kampo ng pulis at military para lamang gimbalin nang palabasin ng Provincial Police Office sa pamamagitan ni P/Sr Supt. Fidel Posadas na siya ay matagal nang hindi aktibo sa organisasyon ng mga maralita sa lalawigan at ang pagdukot sa kanya ay maaring kagagawan ng mga naloko niya sa panloloko nito sa pagbebenta ng lupa.

Naninindigan ang Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) - Cavite na sadyang sangkot sa mga usapin sa lupa si Nanay Ude bago siya madakip. Subalit ang kanyang pagkakasangkot ay hindi dahil nanloloko at nagbebenta ng lupa sa lalawigan kundi, ang pakikipaglaban kasama ang mga maralita sa lalawigan para sa pagkakamit ng disenteng pabahay at serbisyong panlipunan!

Ang isa sa mga hinahawakang kaso ni Nanay Ude sa ilalim ng Ugnayan ng Maralita para sa Gawa at Adhikain (UMAGA) Federation ang pag-aaward ng lupa sa mga maralita sa Megahouse na isang *temporary relocation site* ang pinangyarihan ng pagdukot noong ika-3 ng Abril. Dahil sa kanyang masikhay na pagkilos at posisyong hindi dapat magbayad ang mga mamamayan sa relokasyong ibinibigay ng national housing authority (NHA), nakatunggali ni Nanay Ude ang ilang organisador ng Barangay and Community of Alternative Leaders (BACAL) na nais pagkakitaan relocation site.

Ang BACAL ay isang grupo ng organisasyong tukoy sa ilalim ng opisina ng gobernador. Ayon na rin sa ulat ng mamamayan ang ilan sa mga lider at organisador nito ay tumatayo bilang ahente ng *Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines* (ISAFP) upang tiktikan ang mga lider ng mga militante at progresibong organisasyon.

Kaya, para sa mga maralita ng lalawigan, napaka-iresponsable ang ginawang binitiwang pahayag ni P/Sr Supt. Posadas gayong wala pang malinaw na imbestigasyong isinasagawa ang pulisya. Malinaw sa mga samahan ng maralita sa Dasmarinas na nakapailalim sa UMAGA Federation na ang may motibo lamang sa pagdukot kay Nanay Ude ay ang BACAL na nais manabotahe sa pagkilos ng pederasyon sa usapin sa lupa ng Megahouse.

Nananawagan ang mga maralita ng lalawigan ng Kabite sa ilalim ng KADAMAY at matatag na hinahamon ang pamunuan ng pulisya na magsagawa ng tunay at malalimang imbestigasyon upang bigyang-solusyon ang panibagong kaso ng pampulitikang pampulitikang panunupil at pandarahas sa probinsiya. #

ELVIE LUZA
PANGKALAHATANG KALIHIM
KADAMAY-KABITE
+63.906.638.1255